Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-09 NG ENERO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:28 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | . . . . . . . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 001-T'2002

*KAPASIYAHANG NAGKAKALOOB NG LANSAKANG KAPANGYARIHAN SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN SA PAGPASOK SA KASUNDUANG MAY KINALAMAN SA PAGBILI O PAG-UPA NG LUPA UPANG MAGSILBING TAPUNAN NG BASURA PARA SA KAPAKANAN NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T,* ang kasalukyang tapunan ng basura sa Barangay Palasan na inuupahan ng bayang ito ay isinara na noong ika-3 ng Enero ng taong ito;

*SAPAGKA'T,* malaking pangamba at pagkabahala ang kinakaharap ng bayang ito sa *walang katiyakang lugar na pagtatapunan ng basura;*

*SAPAGKA'T,* ang kaligtasan at kalusugan ng mga mamamayan at kalinisan ng kapaligiran ay pinangangalagaan at ipinananatili ng bayang ito.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa kapakanang pangkagalingan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagkalooban ng lansakang kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na katawanin ang pamahalaang bayan sa pagpasok sa kasunduang may kinalaman sa pagbili o pag-upa ng lupa upang magsilbing tapunan ng basura para sa kapakanan ng bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Pangkalahatang Paglilingkod, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at mga may kinalamang tanggapan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan